

Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)
Patungkol sa: Mga Panuntunang Teknikal ng mga Kagamitan at Aparatong Pantelekomunikasyon para sa
Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-Wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz Band

Sapagka't naangkop na itakda na ang mga pamnantayang teknikal para sa mga kagamitan at aparato ng telekomunikasyon para sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz band ay maging angkop para sa mga kalagayan ng teknolohiya at paggamit ng lokal na radio frequency ay. Ito ay dapat alinsunod sa mga pandaigdigang rekisito para sa kapakinabangan at kaligtasan sa katawan, buhay, at mula sa paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo. Ang wastong pamantayang teknikal ay dapat matukoy upang magkaroon ng malinaw na pamantayang teknikal sa mga kagamitan at aparato sa komunikasyong panradyo ng sa gayoon ay matiyak na ang paggamit ay hindi magreresulta ng paghadlang sa bawat isa, na magreresulta sa pangalahatang benepisyo sa industriya ng telekomunikasyon.

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Talata 27 (10) at (24) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010 kasama ang Talata 29 (4) ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay itinatakda ang mga sumusunod:

Takda 1 Ang Abiso ay pagbibigyang bisa isang araw mula sa petsa ng pagkalahala nito sa Government Gazette

Takda 2 Ang Abiso na ito ay dapat i-aplay sa mga kaso na kung saan ang lahat ng mga abiso, mga patakaran, regulasyon, at iba pang mga kautusan ay itinakda, o sa pagkakasalungatang napapaloob dito

Takda 3 Ang mga pamantayang teknikal para sa mga kagamitan at aparato telekomunikasyon para sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa frequency range na 1.6 – 10.6 GHz band ay alinsunod sa Mga Pamantayang Teknikal para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon ng NBTC 1034-2561 na nakapaloob ditto.

Ipinahayag noong ika-30 ng Nobyembre, 2017.

Heneral Sukit Khamasunthorn

Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Gumaganap bilang Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

(Opisyal na Sagisag)

Mga Pamantayang Teknikal Para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon

NTBC TS 1034-2561

Para sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-wideband na

nasa Frequency Range na 1.6 – 10.6 GHz

Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

87 Phahon Yothin Alley 8 Road, Samsen Nai Sub-district, Phaya Thai District, Bangkok 10400

Tel. 0 2670 8888, website: www.nbt.go.th

Mga Pamantayang Teknikal Para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon

NBTC TS 1034-2561

**Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na
Ultra-wideband na 1.6 – 10.6 GHz Band**

Nilalaman

	Pihana
1. Saklaw	1
2. Mga Pamantayang Teknikal	1
2.1 Mga Rekisito ng Radio Frequency	1
2.2 Mga Rekisito sa Kaligtasang Pang-elektrikal	2
2.3 Mga Rekisito sa Pagkakalantad sa Radyasyon sa Pangtaong Kalusugan mula sa Paggamit ng Mga Kagamitan Sa Komunikasyong Panradyo	2
3. Deklarasyon ng Pagsang-ayon sa Pamantayang Teknikal	2

Mga Pamantayang Teknikal Para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon

NBTC TS 1034-2561

Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-wideband na 1.6 – 10.6 GHz Band

1. Saklaw

Ang minimum na espesipikasyong teknikal sa kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na gumagamit ng radio frequency na nasa 1.6 – 10.6 GHz ay natukoy sa pamantayang teknikal na ito.

2. Mga Pamantayang Teknikal

2.1 Mga Rekisito ng Radio Frequency

Ang mga rekisito sa radio frequency ng mga kagamit sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz ay dapat maging tulad ng mga sumusunod:

2.1.1 Ang pinakamataas o maximum na radiated average power density (e.i.r.p.) ay hindi dapat lalagpas sa mga sumusunod na bilang:

Radio frequency	Pinakamataas na radiated average power density (e.i.r.p.) (dBm/MHz)
1.6 – 2.0 GHz	- 41.3
2.0 – 2.2 GHz	- 62.0
2.2 – 3.4 GHz	- 41.3
3.4 – 4.2 GHz	- 77.0
4.2 – 4.5 GHz	- 41.3
4.5 – 4.8 GHz	- 77.0
4.8 – 10.6 GHz	- 41.3

2.1.2 Ang teknikal na espesipikasyon ay dapat na alinsunod sa mga rekisito sa alinman sa mga sumusunod na pamantayan.

- (1) EN 302 065-1 : Ang mga Short Range Devices (SRD) na gumagamit ng Ultra-Wide Band Technology (UWB); Harmonized Standard na sumasakop sa mga mahahalagang rekisito sa ilalim ng Artikulo 3.2 ng Direktibang 2014/53/EU; Bahagi 1: Mga Rekisito para sa Mga Aplikasyon sa mga Generic UWB
- (2) EN 302 065-2 : Ang mga Short Range Devices (SRD) na gumagamit ng Ultra-Wide Band Technology (UWB); Harmonized Standard na sumasakop sa mga mahahalagang rekisito sa ilalim ng Artikulo 3.2 ng Direktibang 2014/53/EU; Bahagi 2: Mga Rekisito para sa UWB location tracking

Mga Pamantayang Teknikal Para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon

NBTC TS 1034-2561

Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-wideband na 1.6 – 10.6 GHz Band

- (3) EN 302 065-3 : Ang mga Short Range Devices (SRD) na gumagamit ng Ultra-Wide Band Technology (UWB); Harmonized Standard na sumasakop sa mga mahahalagang rekisito sa ilalim ng Artikulo 3.2 ng Direktibang 2014/53/EU; Bahagi 3: Mga Rekisito sa Aparatong UWB para sa mga ground based vehicular applications.
- (4) EN 302 065-4 : Ang mga Short Range Devices (SRD) na gumagamit ng Ultra-Wide Band Technology (UWB); Harmonized Standard na sumasakop sa mga mahahalagang rekisito sa ilalim ng Artikulo 3.2 ng Direktibang 2014/53/EU; Bahagi 4: Mga Aparato na Pangmaterial Sensing na gumagamit ng Teknolohiyang UWB na mas mababa sa 10.6 GHz;
- (5) FCC Titulo 47 : Operasyong Ultra-Wideband, Bahagi 15, Sekondaryang Bahagi F

2.2 Mga Rekisito sa Kaligtasang Pang-elektrikal

Ang mga rekisito sa kaligtasang pang-elektrikal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na na isang kagamitan sa teknolohiyang pang-impormasyon ay alinsunod sa mga rekisito sa alinman sa mga sumusunod na pamantayan.

- | | | | |
|-------|----------------|---|--|
| 2.2.1 | IEC 60950-1 | : | Kagamitan sa Teknolohiyang Pang-impormasyon – Kaligtasan – Bahagi 1: Pangkalahatang Rekisito |
| 2.2.2 | TIS 1561-25561 | : | Kagamitan sa Teknolohiyang Pang-impormasyon – Kaligtasan Bolyum 1 Pangkalahatan o Updated na Bersyon ng mga Rekisitong Katangian |
| 2.2.3 | IEC 62368-1 | : | Awdyo/Bidyong, Kagamitan sa Teknolohiyang Pang-impormasyon at Pangkomunikasyon – Mga Rekisitong Pangkaligtasan |

Puna : Para sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na hindi produktong teknolohiyang pang-impormasyon, ang NBTC ay maaring tukuyin ang mga rekisito sa kaligtasang pang-elektrikal bilang angkop sa ano mang kaso o ano mang produkto na may pamantayang teknikal o rekisitong teknikal sa kaligtasang pang-elektrikal, ang pamantayan ng nasabing produkto ay dapat i-aplay.

2.3 Mga Rekisito sa Pagkakatad sa Radyasyon sa Pangtaong Kalusugan mula sa Paggamit ng Mga Kagamitan Sa Komunikasyong Panradyo

Ang paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband ay dapat sumunod sa mga rekisito sa pagkakatad sa radyasyon at sa pangtaong kalusugan mula sa paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo, at mga panuntunan at panukala ng pangangasiwa sa pagkakatad sa radyasyon mula sa paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na iniatas ng NBTC.

Mga Pamantayang Teknikal Para sa Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon

NBTC TS 1034-2561

Mga Kagamitan at Aparato na Pantelekomunikasyon para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-wideband na 1.6 – 10.6 GHz Band

3. Deklarasyon ng Pagsang-ayon sa Pamantayang Teknikal

Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband ay dapat ideklara sa pagsang-ayon sa pamantayang ito at dapat ituring bilang kagamitan at aparatong pangtelekomunikasyon **Kategorya A** na tinukoy sa Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pamantayang Inspeksyon at Sertipikasyon ng mga Kagamitan at Aparatong Pantelekomunikasyon.

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.
